# May Iba Kayang Araw

Kasabay ng hugos ng mga papasok
Hindi iba ang sapalaran ngayong araw

Bibili ng tapsilog
Pipila sa tricycle
Magba-bundy clock
Mag-aantanda.

Kasabay ng hugos ng mga palabas
Hindi iba ang sapalaran ngayong araw

Magfi-fishball sa pila
Makikikanta sa bulag
Matatrapik
Mag-aantanda.

Kasabay ng hugos ng mga pauwi
Hindi iba ang sapalaran ngayong araw

Hahapitin ang maghapong dala
Babagtasin ang madilim na eskinita
Bibili ng pansit sa karinderya
Magsasara.



# Mama sa May Shoemart Lang Po

…ang sabi ng musmos
na may dalang baso
na di kumuliglig nang buong umaga
sa dami ng kuripot at ng walang pera
“sa may showemart lang po.”

Musmos tingnan mo
sa baso sila nakatingin
sa iyong inulingang balat
at lapnos na ilong
at hindi

sa dugong nanuyo
sa kanang noo mo
sa gasgas na braso
na may hawak ng baso
at hindi

sa matang mapula
at labing naglila
sa walang tinitingnan mong paningin
at takot na mukha.

anong gagawin mo sa may shoemart?
mainit sa hagdan
sila’y matatkid
huwag na lang
huwag ka nang lumuklok
sa daan.